
10

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Dula mula sa England, United Kingdom (Panitikang Kanluranin)




ALTERNATIVE DELIVERY MODE ADM

CO_Q2_Filipino10_Module2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan (Panitikang Kanluranin) – Modyul 2: Dula mula sa England, UK**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Apple C. Apilado |
| **Editor:** | Luisito V. Libatique, Alvin D. Mangaoang |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Felipa T. Regaspi, Rebecca R. Viloria, Zorayda S. Paguyo |
| **Tagaguhit:** | Ernesto F. Ramos Jr. |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino, Atty. Donato D. Balderas Jr., Arlene A. Niro, German E. Flora, Gina A. Amoyen, Virgilio C. Boado Editha T. Giron, Alejo R. De Sesto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:
## Dula mula sa England, United Kingdom
## (Panitikang Kanluranin)

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Kumusta mahal kong mag-aaral? Batid kong marami ka nang natutuhan sa mga nakalipas mong modyul. Halika na't atin pang dagdagan ang iyong kaalaman. Handa ka na bang matuto at mamulat sa mga bagong aralin? Alam kong sabik na sabik ka na sa mga bagong kaalamang iyong matutuhan sa paksang ating tatalakayin, kaya ikaw ay maghanda na at tayo'y magsisimula na.

Nilalaman ng **Modyul 2** ang "Sintahang Romeo at Juliet" na hango sa "Romeo at Julieta" ni Gregorio C. Borlaza sa orihinal na akdang "Romeo at Juliet" ni William Shakespeare. Ang Sintahang Romeo at Juliet ay isang dula mula sa England, United Kingdom. Ang England o Inglatera ay isang kahariang bahagi ng United Kingdom, at ang kabisera nito ay London. Kahangganan nito ang Scotland sa hilaga at Wales sa kanluran. Sakop ng bansa ang higit sa gitna at katimugang bahagi ng pulo ng Gran Britanya na nasa Hilagang Atlantiko at higit 100 maliliit na pulo gaya ng Isles of Scilly at Isle af Wight. Isa ang England sa mga unang Europeong bansang nakapagkamit ng pambansang pagkakaisa.


Mababatid natin ang kanilang pag-iibigan ay hindi mapaghihiwalay kahit pa ng kamatayan. Sa pamamagitan ng mensaheng ito ng dula ay malalaman mo ang kulturang nasasalamin sa bansang pinagmulan nito at maihahambing sa kultura ng ibang bansa.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod:

**Mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)**

1. Nailalahad ang kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan/dula sa napakinggang usapan ng mga tauhan. **(F10PN-IIa-b-72)**
2. Naihahambing ang kultura ng bansang pinagmulan ng akda sa alinmang bansa sa daigdig. **(F10PB-IIa-b-75)**
3. Naipaliliwanag ang kahulugan ng salita batay sa pinagmulan nito (etimolohiya). **(F10PT-IIa-b-72)**
4. Naipaliliwanag ang katangian ng mga tao sa bansang pinagmulan ng kuwentong-bayan/dula batay sa napanood na bahagi nito. **(F10PD-IIa-b-70)**
5. Naisusulat nang wasto ang sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa. **(F10PU-IIa-b-74)**

Kung ikaw ay nakahanda na, maaari mo nang simulan ang pagbabasa sa mga aralin at pagsagot sa mga gawain.



# Subukin


*Ngayon ay mayroon ka nang ideya kung tungkol saan ang pag-aaralan, at tatalakayin natin sa modyul na ito. Bago tayo magtungo sa mismong talakayan, akin munang susubukin ang iyong dating kaalaman hinggil sa akdang tatalakayin. Galingan mo ang iyong pagsagot.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

**A.** Panuto: Batay sa iyong nabasa sa bahaging ALAMIN, magbigay ng/mga katangian ng sumusunod na tauhan sa babasahing akda. Ipaliwanag din kung bakit sa tingin mo ay ganito ang kanilang katangian. Gawin ito sa talahanayan sa ibaba.

| Tauhan | Katangian | Pagpapaliwanag |
|---|---|---|
| Romeo | | |
| Juliet | | |
| Tybalt | | |
| Angkan ng mga Capulet | | |
| Angkan ng mga Montague | | |

**B.** Panuto: Gamit ang *web mapping* magbigay ng mga alam mong kultura at tradisyon na makapaglalarawan sa bansang ENGLAND.




1. Gamit ang paraang paglalahat (generalization), ipaliwanag ang iyong naging kasagutan sa *web mapping*.

2. Ihambing ang kultura ng bansang England sa kultura ng Pilipinas batay sa ginawang *web mapping*.

**C.** Panuto: Tukuyin kung paano nagbago ang anyo ng mga sumusunod na salita. Isulat ang A – kung ito ay Pagsasama ng mga Salita, B – kung Hiram na mga Salita, at C – kung Morpolohikal na Pinagmulan.

__________ 1. Kapitbahay
__________ 2. Kompyuter
__________ 3. Kagandahan
__________ 4. Radyo
__________ 5. Hanapbuhay
__________ 6. Marami
__________ 7. Keyk
__________ 8. Hulyo
__________ 9. Manakot
__________ 10. Hampaslupa

*Mahusay! Binabati kita sa iyong pagsagot sa paunang pagtataya. Ngayon ay may ideya ka na sa ating pag-aaralan. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong nakuhang iskor. Pagkatapos mong mapag-aralan ang kabuoan ng modyul na ito, tiyak na tataas ang iyong iskor. Huwag panghinaan ng loob at tayo ay magpapatuloy pa.*

| ARALIN 1 | DULA MULA SA ENGLAND<br>Panitikan: Sintahang Romeo at Juliet |
|---|---|



## *Balikan*

*Ngayon ay babalikan natin ang ating pinag-aralan tungkol sa kahiwagaan ng lakas ni Thor sa mitolohiyang "Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante" at ang mga elementong nakapaloob sa isang mitolohiya.*

**Gawain 1: Balikan Mo!**

A. Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa mitolohiyang Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang na 1 – 5.

________ Nakilala ni Thor ang Higanteng si Skrymir.
________ Nagpaligsahan sina Loki at Logi sa pabilisan sa pagkain ng karne.
________ Napagpasyahan nina Thor at Loki na maglakbay patungo sa Utgaro, lupain ng mga higante, ang kalaban ng mga diyos.

________ Ipinagtapat ni Utgaro-Loki kay Thor na siya ay nilinlang nito sa mga paligsahan gamit ang kaniyang mahika.

________ Nagpaligsahan sina Thor at ang cupbearer sa pabilisan sa pag-inom ng tubig.

B. Panuto: Iguhit ang pinakanagustuhang pangyayari sa sa mitolohiyang Sina Thor at Loki sa kaharian ng mga Higante sa paraang pakomiks gamit ang mga kahon sa ibaba. Tandaan na dapat nakasulat rin ang kanilang mga diyalogo o palitan ng kanilang mga salita upang magmukha itong parang dula.

| | |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

## Tuklasin


*Ang pag-ibig na dapat sanang makapaghihilom sa lahat ng mga suliranin sa pagitan ng kanilang angkan ang nagdulot sa mga pangyayaring humantong sa kamatayan. Sundan mo kung paanong ang dalisay na pagmamahalan ay nauwi sa masaklap na trahedya. Basahin at unawain ang dula sa paglalarawan ng tradisyon at kultura ng isang bansa.*

### Sintahang Romeo at Juliet

Mula sa Romeo and Juliet ni William Shakespear
Isinalin sa Filipino ni Gregorio C. Borla
(Muling isinalaysay ni A.A. Apilado)

Sina Romeo at Juliet ay galing sa magkalabang angkan. Si Romeo ay galing sa angkan ng mga Montague samantalang si Juliet naman ay sa angkan ng mga Capulet. Subalit sa kabila ng hidwaan sa kanilang mga angkan ay nabihag ng pag-ibig ang puso ng binata at dalaga.

Nagsimula ang pag-iibigan nina Romeo at Juliet dahil sa isang pagtitipong inihanda ng mga Capulet. Dumalo rito si Romeo nang hindi inaasahan at sa sayawan niya nasilayan ang kagandahang taglay ni Juliet. Simula noong nakita ni Romeo si Juliet ay umibig na ang binata sa kaniya, ganoon din ang naging tugon ng dalaga. Nakita ni Tybalt si Romeo sa pagtitipon at siya ay nagalit dito. Gusto niyang patayin si Romeo subalit pinigil siya ng kanyang tiyuhin.



Doon lamang napagtanto ni Romeo na si Juliet ay isang Capulet. Hindi lingid sa kaalaman nina Romeo at Juliet ang hidwaan sa kanilang mga pamilya kaya nakaramdam si Romeo ng pagdadalamhati sa kanyang nalaman. Nagpalitan ang dalawa ng kanilang pangungusap at hinalikan ni Romeo si Juliet. Sa kabila ng ganitong kalaking hadlang sa kanilang pagmamahalan ay hindi natinag ang dalawa sa hangaring sila'y magkasama.

Nagplano ang dalawa na muling magkita at doon ay gagawin nila ang kanilang pag-iisang dibdib. Gagawin nila ang planong ito sa araw ng kasal ni Juliet kay Paris na ipinagkasundo lamang ng kaniyang mga magulang upang kaniyang mapangasawa. Humingi sila ng tulong ng Padre at ito naman ay malugod na tumugon. Ramdam ng Padre ang wagas na pagmamahalan nina Romeo at Juliet kaya pinayuhan niya si Juliet ng kaniyang gagawin. Plinano ng Padre na pumayag siyang pakasal kay Paris subalit sa araw ng kasal ay iinumin niya ang ibinigay na alak ni Padre. Epekto nito'y titigil sa pagtibok ang puso ni

Juliet at animo'y patay at magiging ganoon ang kalagayan sa loob ng apatnapu't dalawang oras. Si Juliet ay nagbihis nang magarang kasuotan pagkatapos ay nahiga. Nakita siya ng nars sa anyong iyon at siya'y nagsisisigaw sa pag-aakalang si Juliet ay patay na.

Sa kabilang banda, inutusan ni Padre si Juan na ibigay ang liham kay Romeo na naglalaman ng kanilang balak subalit sa kasamaang palad ay hindi ito nakarating kay Romeo at hindi nabatid ang balak ng Padre at ni Juliet. Ibinalita ni Baltazar kay Romeo ang kasawiang sinapit ni Juliet, sinabi niya rito na si Juliet ay patay na at nakahimlay sa tumba ni Capel. Agad niyang tinungo ang nasabing lugar at nakita niya si Juliet sa anyo ng kamatayan kaya naghanap siya ng lasong kikitil sa kaniyang buhay. Bumili siya ng lason sa isang butikaryo, kahit pa na ito ay ipinagbabawal, pinilit ni Romeo ang butikaryo na siya ay pagbilhan. Ininom ni Romeo ang lason at siya ay namatay sa tabi ni Juliet. Nang magising si Juliet ay labis ang kaniyang hinagpis na nadama nang makitang patay na ang kaniyang pinakamamahal na Romeo kaya kumuha siya ng punyal at sinaksak ang kaniyang sarili.

*Maaari mo ring panoorin ang kuwento sa link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=4FHpmn-KYec.*

*Tunay at wagas ang pag-iibigan nina Romeo at Juliet. Hahamakin ang lahat kahit hanggang sa kamatayan. Naunawaan mo ba ang iyong binasang buod? Kung oo, magpatuloy ka ngayon sa paglinang ng talasalitaan sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan sa isang salita gamit ang etimolohiya.*

### Gawain 2: TALAS-salitaan

Panuto: Tukuyin ang pinagmulan ng mga salitang nakadiin. Isagawa ang hinihingi ng bawat bilang.

1. **Hahagkan** ko iyong mga labi.
   Salitang-ugat: ______________________ Kahulugan: ______________________
2. Sa paglimot, di mo ako **ma'aring** turuan. Ano ang buong pagkakabaybay ng nakadiin na salita? ______________________
3. Ang salitang **iho** sa pahayag na "Pagtitiyagaan siya. Bakit iho?" ay hiram natin sa ibang wika.
   Hiram sa wikang: ______________________ Kahulugan: ______________________
4. Ang ganitong **panghihimasok**, mapait na lubos.
   Salitang-ugat: ______________________ Kahulugan: ______________________
5. Ang **pagdadaop-palad** ay parang halikang banal.
   Kahulugan ng pinagsamang salita: ___________________________

### Dagdag kaalaman...

Ang **etimolohiya** ay ang pag-aaral ng kasaysayan ng salita at kung paano nag-iiba ang kanilang anyo at kahulugan sa paglipas ng panahon. Hango ang salitang etimolohiya sa salitang **Griyego** na **etumologia** na ang ibig sabihin ay **may ibig sabihin o may kahulugan**.

Maaaring magbago ang anyo ng mga salita sa pamamagitan ng **pagsasama ng mga salita** – hampaslupa, bahaghari; **hiram na mga salita (salitang banyaga)** – computer sa wikang Ingles at kompyuter sa wikang Filipino, economia sa wikang Kastila at ekonomiya naman sa wikang Filipino; at **morpolohikal na pinagmulan** kung saan nagpapakita ito ng paglihis mula sa ugat ng salita. Tumutukoy din ito sa pag-aaral sa pagbabago ng anyo at istruktura ng mga salita gaya ng salitang karimlan na ang salitang-ugat ay dilim.

**Gawain 3: Pagsusuri sa Tauhan**

Panuto: Gamit ang talahanayan sa ibaba, ilarawan ang mga tauhan sa dula sa pamamagitan ng pagbibigay ng kani-kanilang katangiang ipinamalas sa akda. Magtala ng pangyayari sa akda bilang pagpapatunay ng katangiang inilahad. Ipaliwanag din kung ang mga nabanggit na katangian ay dapat bang tularan o hindi.

| **Mga Tauhan** | **Katangian** | **Pagpapaliwanag** |
|---|---|---|
| Romeo | | |
| Juliet | | |
| Padre | | |
| Tybalt | | |

**Gawain 4: Pagsusuri sa Akda**

Panuto: Suriin ang katangian nina Romeo at Juliet batay sa mga mahahalagang pangyayari sa dula sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong.

1. Ilarawan ang pag-iibigan nina Romeo at Juliet. Ano ang nakita nilang balakid sa kanilang pag-iibigan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano ipinaglaban nina Romeo at Juliet ang pag-ibig nila sa isa't isa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano-anong mga katangian ang litaw sa katauhan nina Romeo at Juliet sa larangan ng pag-ibig?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Anong pagkatao ang masasalamin kay Romeo batay sa kaniyang ikinilos nang makita niya si Juliet sa anyong kamatayan? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Anong pagkatao ang masasalamin kay Juliet batay sa kaniyang ikinilos nang makita niya si Romeo sa kaniyang tabi na patay na? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

6. Paano pinadalisay nina Romeo at Juliet ang konsepto ng pag-ibig?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

7. Anong kultura ng mga Inglatero ang nabatid mula sa dula at sa ikinilos ng mga tauhan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________



# Suriin

*Basahin at unawain mo ang ilang mga tala tungkol sa dula at sa dulang trahedya. May mga tala rin tungkol sa dulang Romeo at Juliet, ito ay iyong magagamit para sa mas malalim na pag-unawa sa akdang babasahin upang masagot mo ang katanungan ukol sa akda.*

### *Alam mo bang ang...*

**Dula** ay hango sa salitang Griyego na "drama" na nangangahulugang gawain o kilos?

- Ang dula ay isang akdang pampanitikang ang pinakalayunin ay itanghal. Sinasabing ito ay paglalarawan sa madudulang bahagi ng buhay.
- Taglay nito ang katangiang umiiral sa buhay ng tao gaya ng pagkakaroon ng mga suliranin o mga pagsubok na kaniyang pinagtagumpayan o kinasawian.
- Ayon kay Aristotle, ito ay isang sining ng panggagaya o pag-iimita sa kalikasan ng buhay. Ipinakikita nito ang realidad sa buhay ng tao gayundin ang kaniyang mga iniisip, ikinikilos, at isinasaad.
- Ang **trahedya** ay isang dulang ang bida ay hahantong sa kabiguan o malungkot na wakas. Mayroon ding mga uri ng ganitong dulang may malungkot ngunit makabuluhang wakas. Nagsimula ang ganitong uri ng drama mula sa sinaunang Gresya. Kabilang sa mga maagang mga bantog na tagapagsulat ng trahedya sa Gresya ay sina Aeschylus, Sophocles, at Euripides.
- Trahedya rin ang dula kapag ang tema nito'y mabigat o nakasasama ng loob, nakaiiyak, nakalulumos ang mga tauhang karaniwang nasasadlak sa kamalasan, mabibigat na suliranin, kabiguan, kawalan, at maging sa kamatayan. Ito'y nagwawakas nang malungkot.
- Ang Romeo at Juliet ay isang dulang isinulat ni William Shakespeare tungkol sa dalawang maharlikang mga angkan na nagkaroon ng alitan kung kaya't naging magkaaway. Nakabatay ang balangkas ng dulang ito sa isang kuwento mula sa Italy na isinaling wika upang maging taludtod bilang The Tragical History of Romeus and Juliet (Ang Kalunos-lunos na Kasaysayan nina Romeus at Julieta) ni Arthur Brooke noong 1562 at muling isinalaysay na nasa anyong tuluyan o prosa sa Palace of Pleasure (Palasyo ng Kaluguran) ni William Painter noong 1567.
- Isang layunin ng may akda na ipakita ang kadalisayan ng tunay at wagas na pag-ibig sa pagitan ng dalawang taong nagmamahalan. Ipinakikita rin ng may akda ang magiging bunga kung ang isang tao o mga tao ay walang ganap na pag-intindi sa mga bagay-bagay. Ang kanilang kamatayan ang naging bunga ng hidwaang walang tigil sa pagitan ng dalawang pamilya.

### Mga Elemento ng Dula

1. ***Iskrip*** – ito ang pinakakaluluwa ng isang dula. Ang lahat ng bagay na isinasaalang-alang sa dula at nararapat na naaayon sa isang iskrip.
2. ***Gumaganap o Aktor*** – sila ang nagsasabuhay sa mga tauhan sa iskrip. Sila ang nagbibigay ng dayalogo, nagpapakita ng iba't ibang damdamin at pinapanood na tauhan sa dula.
3. ***Tanghalan*** – anomang pook na pinagpasyahang pagtanghalan ng isang dula ay tinatawag na tanghalan. Tanghalan din ang tawag sa kalsadang

pinagtatanghalan ng isang dula o silid na pinagtanghalan ng mga mag-aaral sa kanilang klase.

4. ***Tagadirehe o Direktor*** – siya ang nagpapakahulugan sa iskrip. Siya ang nagpapasya sa hitsura ng tagpuan, ng damit ng mga tauhan, hanggang sa paraan ng pagganap at pagbigkas ng mga tauhan ay dumedepende sa interpretasyon ng director sa iskrip.
5. ***Manonood*** – hindi maituturing na dula ang isang binansagang pagtatanghal kung hindi ito mapapanood ng ibang tao.

**Gawain 5: Kilalanin Mo!**

Panuto: Kilalanin ang kultura ng lugar na pinagmulan ng dula batay sa sumusunod na pangyayari.

1. Si Juliet ay ipinagkasundo ng kaniyang mga magulang na pakasal sa isang lalaking hindi niya mahal at hindi lubusang kilala. Ipinakikita ng pahayag na ito ang kultura ng mga taga-England na:

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. "Ito sa tinig ay marahil isang Montague. Bakit naparito ang aliping itong mukha'y di mapinta? Upang kutyain lamang ang ating pagsasaya? Sa ngalan ng lipi at dangal ng aking angkan, ang patayin siya'y hindi masasabing kasalanan." Anong katangian ang ipinakikita ni Tybalt sa pahayag na ito?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

3. Kahit batid ni Romeo na ang kaniyang pinakamamahal na si Juliet ay galing sa kanilang kalabang angkan, ipinagpatuloy pa rin nito ang wagas na pag-ibig sa dalaga. Ipinakikita ng pahayag na ito ang isang kaugalian ng isang mangingibig ang pagiging:

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

4. Batid ni Padre ang wagas na pagmamahalan nina Romeo at Juliet kaya naman tinulungan niya ang dalawa. Bumuo sila ng plano ni Juliet upang hindi matuloy ang pag-iisang dibdib niya kay Paris. Ipinakikita ng pahayag na ito ang:

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

5. Binigyan ng isang butikaryo si Romeo ng isang malakas na lason kapalit ng apatnapung ducado kahit na alam nitong ipinagbabawal ang pagtitinda ng lason. Ipinakikita ng pahayag na ito ang kaugaliang:

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________



## *Pagyamanin*

*Binabati kita sa iyong puspusang pagsagot sa mga katanungan. Pinatunayan mo na ikaw ay hindi sumusuko sa mga pagsubok dahil ikaw ay nakarating sa bahaging ito ng ating pag-aaral. Makikita na ikaw ay may malalim nang pang-unawa sa ating akdang tinatalakay. At sa bahaging ito, alam ko na iyo nang nauunawaan*

*ang mensaheng nais ipab atid ng akda. Huwag mawalan ng pag-asa at huwag hayaang masira ang iyong pokus sa mga susunod pang mga gawain.*

*Basahin mo nang may pag-unawa ang susunod na teksto mula sa dulang trahedya na akda ni Rogelio R. Sicat na "Moses, Moses". Tiyak na makatutulong ang kaalamang matututuhan mo rito upang maikumpara ang dula sa Pilipinas at sa bansang England. Tungkol din ito sa pag-ibig ngunit sa ibang anyo.*

## Moses, Moses

ni Rogelio Sicat
Ibinuod ni Eric O. Cariño

Pinag-uusapan ng magkapatid na Ana at Regina Calderon ang tungkol sa kalagayan ni Aida na ginahasa ng anak ng isang politico. Nasa gayon silang pagkukuwentuhan nang tumambad sa pintuan ng kanilang apartment ang Alkalde at ang konsehal. Naparoon sila upang magdiskargo. Pinakiusapan nila si Regina na iurong niya ang kasong isinampa laban sa anak ng alkalde at upang ihingi ng tawad ang ginawa nito sa kaniyang anak. Dahil isang malaking kaabalahan di umano ang ginawa ng anak ng alkalde kay Aida, tinangka ng alkalde na ayusin na lamang ito sa labas ng husgado ayon na rin sa rekomendasyon ng kumpare niyang si Judge Joaquin. Sinubok niyang ipang-areglo sa kaso ang sampung libong piso. Tinanggihan naman ito ni Regina at naging mainit ang pagtatalo ng magkabilang panig. Nanindigan pa rin si Regina na itutuloy niya ang kaso laban sa anak ng alkalde at ihahanap niya ng hustisya ang sinapit ng kaniyang dalaga. Hinamon naman siya ng alkalde at binantaan si Regina na mapupunta lamang sa wala ang kaniyang ipinaglalaban.

Pagkatapos sumibad ang sasakyang kinalululanan ng dalawang bisita ay napaupo si Regina sa isang tabi. Tumayo sa harapan niya ang panganay na anak na si Tony. Nakiusap ang anak sa kaniya na iurong na lamang ang demanda. Naniniwala siya na mapupunta lamang sa wala ang kasong iyon subalit nanindigang muli si Regina na lalaban siya kahit na ipanlalaban niya ang sarili niyang kuko sa malalaking bato. Naputol na lamang ang pagtatalo ng mag-ina nang mapansin nilang pababa ng hagdan si Aida. Doon lamang niya naalalang magpabili ng gamot sa botika para sa dalaga.

Si Tony ang lumabas ng bahay upang bumili ng gamot. Pagkaalis ng binata ay siya namang paglapit ni Ben na takot na takot. Ipinagtapat nito sa ina na bitbit ni Tony sa kaniyang paglabas ang isang baril. Labis pang nabahala si Regina nang ipagtapat ng bunsong gabi-gabing lumalabas ng bahay si Tony para hanapin ang anak ng alkalde. At upang saglit na mapanatag ang kalooban ni Regina ay pinagpahinga muna siya ni Ana.

Naalimpungatan lamang siya nang marinig ang tunog mula sa nabasag na bote ng gamot na natabig ni Aida. Dali-dali namang lumapit si Regina sa kinaroroonan ng anak. Nilinis niya ang nagkalat na bubog sa sahig. Nangusap ang anak na dalaga sa ina at sinabi rito ang paghanga niya sa sa kaniyang kuya Tony. Katulad ni Regina nababahala rin siya sa kaniyang kuya.

Umaga na noon at naiwang mag-isa si Regina samantalang namamalikmata siyang nakatingin sa pinto nang dumating ang isang taksi sa tapat ng kanilang bahay. Takot na takot na sumibad sa loob ng bahay si Tony. Ipinaghiganti niya ang sinapit ni Aida sa anak ng Alkalde. Pinatay niya ito. Hindi pa man napipigil ni Regina ang plano ng anak na tumakas ay dumating na ang pulis kasama ang Alkalde. Pinasusuko siya sa batas. Maluwag naman siyang isinuko ni Regina sa kanila subalit pinagtulungan nilang saktan ang walang kalaban-labang si Tony. Mabilis na inagaw ni Regina ang sandata ng

isang pulis at ipinambaril niya ito sa kawawang anak. Makalawang makapagpapaputok si Regina at bago pa man maagaw ng pulis ang baril ay bumagsak na si Tony.

**Gawain 6: Unawain Mo!**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Magbigay ng nangingibabaw na katangian ng politiko sa Pilipinas batay sa akda?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Ilarawan ang takbo ng politika sa bansa na nasasalamin sa akda.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Ano ang masasabi mo hinggil sa pag-ibig ng magulang sa anak o sa pamilya?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Anong sakit ng lipunan ang nais nitong ilantad? Ipaliwanag ang iyong sagot.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
5. Anong uri ng pagmamahal ang makikita sa teksto? Ipaliwanag ang iyong sagot.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
6. Kung ikaw si Tony, ano ang kaya mong gawin upang ipagtanggol ang miyembro ng iyong pamilya?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

**Gawain 8: Sa Pananaw Ko!**

Panuto: Ipaliwanag ang kultura ng Pilipinas sa larangan ng pag-ibig, pagpapahalaga sa pamilya, politika, ugali o paniniwala. Ihambing ito sa England.

| Paghahambing base sa… | Bansang Pilipinas | Bansang England |
|---|---|---|
| Pag-ibig | | |
| Pagpapahalaga sa pamilya | | |
| Politika | | |
| Ugali o paniniwala | | |

## *Isaisip*


*Tunay nga ang binitiwan ni Balagtas na ang pag-ibig kapag pumasok sa puso ninoman, hahamakin ang lahat masunod lamang ito. Gaya na lamang ng ipinamalas na pagmamahalan nina Romeo at Juliet. Pinatunayan nilang wala na silang iibigin pang iba kaya kahit sa kamatayan, sila ay magkasama.*

**Gawain 10: Opinyon Ko, Mahalaga!**
Panuto: Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong at pahayag.

1. Kung ikaw si Juliet at alam mong magkagalit ang inyong pamilya sa lalaking iniibig mo, ipaglalaban mo ba ang pag-ibig mo? Pangatuwiranan.
2. Anong kultura pagdating sa pag-ibig ang pagkakatulad ng bansang England at Pilipinas?
3. Ano ang masasabi mo sa pahayag ni Romeo na, “Ang mundo’t ang batas ay hindi mo kaibigan; Walang batas sa mundong sa iyo ay magpapayaman; Huwag mamalagi sa hirap, labagin ang batas, kunin mo iyan.
4. Ano ang positibong kaya mong gawin sa ngalan ng tunay na pag-ibig?
5. Kung ikaw si Romeo o si Juliet, gagawin mo rin ba ang kanilang ginawa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**Gawain 11: Pagnilayan Mo!**
Panuto: Gamit ang talahanayan sa ibaba, magtala ng mga kulturang napapaloob sa dulang binasa at ihambing ito sa ating bansa.

| Kultura | Pilipinas | England, UK |
|---|---|---|
| Pag-ibig | | |
| Pamilya | | |
| Pagliligawan | | |
| Magkaibang Angkan | | |



# Isagawa

*Binabati kita sa iyong pagpapatuloy. Upang lalong maunawaan ang kultura at kaugalian ng bansang England, ipagpatuloy mo pa ang paggawa sa susunod na gawain.*

Panuto: Panoorin ang videoclip sa ibaba kaugnay ng bansang naging tagpuan ng dulang Sintahang Romeo at Juliet, ang England. Maaari ring pumili sa mga teksto/akdang napakinggan na, napanood na, o nabasa na hinggil sa isang lugar sa Pilipinas o sa ibang bansa.

- Top 70 Amazing Facts About England, isang dokyumentaryo ng Top10 Best upang maipakita sa mundo ang kagandahang taglay ng bansang England. Matutunghayan mo rito ang mga iba't ibang ipinagmamalaki ng England. Makikita ang dokyumentaryo sa link na ito:
  - http://www.youtube.com/c/Top10Best1
- Maaari mo ring panoorin ang England: 10 Interesting Facts about the Country (Part of the United Kingdom) isang videoclip na gawa ng Datacube: awesome facts. Makikita rito di lamang ang mga magagandang pasyalan kundi maging mga pagkain at iba pa. mapapanood ang video sa link na ito:
  - https://youtu.be/qDmZzBVKFMk

**Gawain 12: GRASPS**
*Pagkatapos mapanood ang mga video ay isagawa ang GRASP.*
*(Maaaring sa mga teksto/akdang napakinggan na, napanood na, o nabasa na...)*

| | |
|---|---|
| ***Goal*** | Ikaw ay makagawa ng isang sanaysay na naglalahad ng tungkol sa bansang England o anomang bansa na alam mo, maaaring sa Pilipinas o sa isang lugar sa Pilipinas, at ang katangian ng mga taong naninirahan dito. Inaasahan na ang iyong gagawin ay makapang-aakit ng mga turista upang bisitahin ang bansang England, o ang lugar na nabanggit. |
| ***Role*** | Ikaw ay isang manunulat at travel guide. |
| ***Audience*** | Guro, mga kapwa mag-aaral. |
| ***Situation*** | Ikaw ay isang blogger kung saan labis mong nagustuhan ang bansang England kung kaya't ikaw ay magsusulat ng isang paglalahad tungkol sa bansang ito dahil nais mong magustuhan din ito ng ibang tao at para maranasan din nila ang saya sa pagpunta sa bansang ito. |
| ***Product*** | Sariling sanaysay na may pamagat. Ang iyong sanaysay ay hindi dapat bababa sa 150 na salita. |
| ***Standards*** | A. Malinaw na nilalaman........................................... 30 puntos<br>B. Estruktura ng pagkakasulat.................................... 30 puntos<br>C. Malinis ang pagkakasulat....................................... 20 puntos<br>C. Hikayat sa mambabasa.......................................... 20 puntos<br>Kabuoan............................................................100 puntos |



# *Tayahin*

*Mahusay! Ako ay humahanga sa labis mong dedikasyon upang matapos ang modyul na ito. Muli kitang binabati dahil hindi mo sinukuan ang mga gawaing aking inihanda para sa iyong pagkatuto. Nag-uumapaw ang galak na aking nadarama. Ngayon ay nasa huling bahagi na tayo ng modyul na ito. Ito ay isang maikling pagsusulit lamang upang mataya ang iyong mga natutuhan hinggil sa mga paksa/araling tinalakay sa modyul na ito.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Panuto: Suriin ang mga pahayag. Tukuyin kung ano ang hinihingi ng bawat pahayag. Isulat ang titik ng napiling sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

__________ 1. Siya ang orihinal na may akda ng Romeo at Juliet.
A. Francisco Balagtas C. Jose Corazon
B. Gregorio C. Borlaza D. William Shakespeare

__________ 2. Siya ang nakakita kay Romeo sa kasiyahan at isinumbong ito sa isang Capulet.
A. Juliet B. Nars C. Paris D.Tybalt

__________ 3. Paano nagpakamatay si Romeo?
A. Siya ay nagpasagasa
B. Sinaksak niya ang kaniyang sarili
C. Uminom siya ng lason
D. Nagbaril siya ng sarili

__________ 4. Sa kaniya dapat pakakasal si Juliet kung hindi siya umibig kay Romeo.
A. Capulet B. Paris C. Romeo D.Tybalt

__________ 5. Saan unang nakita ni Romeo si Juliet?
A. sa gubat C. sa kanilang tahanan
B. sa hardin D. sa isang kasiyahan

B. Panuto: Suriin ang sumusunod na pahayag kung tama o mali. Isulat ang **T** kung ito ay tama at **M** naman kung mali. Isulat ang kasagutan sa patlang bago ang bawat bilang.

__________ 1. Tinutulan ng Padre ang pagmamahalan nina Romeo at Juliet.
__________ 2. Sinaksak ni Juliet ang kaniyang sarili nang makitang patay na si Romeo.
__________ 3. Hindi naging tapat si Romeo sa pagmamahal niya kay Juliet dahil siya ay nagpakamatay.
__________ 4. Pinakasalan ni Juliet si Paris.
__________ 5. Inakala ng lahat na patay na si Juliet.
__________ 6. Kasalanan ng mga magulang ni Juliet kung bakit siya nagpakamatay.
__________ 7. Ang dulang trahedya ay nagtatapos sa kasawian.
__________ 8. Ang iskrip ang pinakakalulwa ng isang dula.
__________ 9. Ang pinakalayunin ng dula ay basahin ng madla.
__________ 10. Hindi maituturing na isang dula ang akda kung walang manonood.

C. Panuto: Suriin ang mga salitang nasa loob ng kahon. Ihanay ang mga salita batay sa pagbabago sa anyo ng mga ito.


| | | | |
|---|---|---|---|
| dyipni | kapitbahay | | telebisyon |
| kagandahan | | marami | ambisyon |
| bahaghari | karangalan | ketsup | hanapbuhay |

| Pagsasama ng mga Salita | Hiram na mga Salita | Morpolohikal na Pinagmulan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



## *Karagdagang Gawain*

*Batid kong lubusan mo nang naunawaan ang dulang Sintahang Romeo at Juliet. Sa pagkakataong ito ay atin pang palalimin ang iyong pang-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa gawaing ito.*






*Napakahusay! Ang galing mo! Binabati kita sa matiyaga mong pagbabasa, pag-iintindi at pagsagot sa mga pagsasanay. Alam kong nakapapagod at sumakit ang iyong ulo ngunit sulit naman dahil matagumpay mong natutuhan ang mga dapat mong malaman sa dulang Sintahang Romeo at Juliet na isang dulang trahedya. Ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na modyul –* ***Modyul 3 (Tula mula sa England)****.*

# Susi sa Pagwawasto

**PAUNANG PAGTATAYA**

**A.**

1. B
2. C
3. C
4. B
5. D
6. C
7. D
8. B
9. B
10. A

**B.**

1. A
2. B
3. C
4. B
5. A
6. C
7. B
8. B
9. C
10. A

**ARALIN 1 (Panitikan: Sintahang Romeo at Juliet)**

**BALIKAN**

**Gawain 1: Balikan Mo!**

**A.**

2, 3, 1, 5, 4

**B.**

1. C
2. A
3. C
4. B
5. A

**TUKLASIN**

**Gawain 2: TALAS-Salitaan**

1. Salitang-ugat: hagkan — Kahulugan: halikan
2. Maaaring
3. Hiram sa wikang: Kastila — Kahulugan: anak na lalake
4. Salitang-ugat: pasok — Kahulugan: sapilitang pagpasok
5. Naghawak ng kamay

**Gawain 3: Pagsusuri sa Tauhan** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 4: Pagsusuri sa Akda** *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 5: Ipaliwanag Mo!** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 6: Kilalanin Mo!** *Iba-iba ang sagot.*

**PAGYAMANIN**

**Gawain 7: Pagsusuri sa Akda** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 8: Sa Pananaw Ko!** *Iba-iba ang sagot.*

*Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 9: Opinyon Ko, Mahalaga!** *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 10: Pagnilayan Mo!** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 11: GRASPS** *Iba-iba ang sagot.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

**A.**

1. D
2. D
3. C
4. B
5. D

**B.**

1. M
2. T
3. M
4. M
5. T
6. T
7. T
8. T
9. M
10. T

| Pagsasama ng mga Salita | Hiram na mga Salita | Morpolohikal na Pinagmulan |
|---|---|---|
| kapitbahay | dyipni | kagandahan |
| bahaghari | telebisyon | marami |
| hanapbuhay | ambisyon | karangalan |
| | ketsup | |

# *Sanggunian*

Ambat, V.C., et.al (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral*. Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 197-211.

Dayag, A.M., et.al (2015). *Pinagyamang Pluma 10 (Aklat 1)*. Quezon City: Phoenix Publishing House. pa. 175, 185-186, 192-193.

10 – Tungsten. *Romeo and Juliet: Sintahan*. Nahango noong Hunyo 5, 2020 mula sa http://blogngromeoandjuliet.blogspot.com/2918/11/sintahang-romeo-at-juliet.html?m=1

Malobago, J.N. *Mga Elemento Ng Dula*. Nahango noong Hunyo 5, 2020 mula sa https://www.scribd.com/document/363543106/Mga-Elemento-Ng-Dula

Santos, Lady'cHu. Dula. Nahango noong Hunyo 6, 2020 mula sa https://www.slideshare.net/mobile/ladychu08/dula-15515688

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph